REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 94-132

KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA KAGALANG-GALANG NA PANGULO NG PILIPINAS, FIDEL V. RAMOS NA MABAGO ANG NAUNANG MEMORANDUM NG DEPARTMENT OF INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT UPANG MAPAIKSI ANG PANAHON NG SUSPENSIYON NG PUNONGBAYAN IGNACIO R. BUNYE AT MGA KASAMA.

**********************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Rey E. Bulay
Kgg. Melchor R. Teves
Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.
Kgg. Ernesto A. Carubio

**********************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa memorandum na ipinalabas ng Department of Interior and Local Government, ang Punongbayan ng Muntinlupa Ignacio R. Bunye, Pangalawang Punongbayan Jaime R. Fresnedi, mga konsehal Roger C. Smith, Rufino B. Joaquin, Roman E. Niefes, Nolasco L. Diaz, Lucio B. Constantino at Alejandro L. Martinez sa usaping kriminal bilang 13966 ay pinipigil sa pagtupad ng kanilang tungkulin sa loob ng SIYAMNAPUNG ARAW (90);

**SAPAGKAT,** ang nabanggit na panahon ay lubhang napakatagal na pagkakait sa mga nasasakupan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa upang mawalay sa kanilang mga pinuno na binigyan nila ng kapangyarihan upang hawakan ang pagpapatakbo ng kanilang bayan;

**SAPAGKAT,** hindi ninanais ng Punongbayan at mga kasama na lampasan ang katalinuhan ng hatol ng hudikatura subalit makabubuti sa mga mamamayan ng Muntinlupa na manilbihan ang mga taong binigyan nila ng kapasiyahan upang manungkulan;

**SAPAGKAT,** ang pagdinig at paglilitis sa pinakapuno o merito ng kaso ay dumating na sa punto na wala ng ilalahad at ipiprisinta ang magkabilang panig (ang prosecution o ang defense) maliban sa hintayin ang hatol (verdict) na ipapalabas ng Sandiganbayan kaya't ang suspensiyon ay hindi na mahalaga o nararapat pa;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan at muli pang pinagpasiyahan na humihiling sa Kagalang-galang na Pangulo ng Pilipinas Fidel V. Ramos na mabago ang naunang memorandum ng Department of Interior and Local Government upang mapaiksi ang panahon ng suspensiyon ng Punongbayan Ignacio R. Bunye at mga kasama.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-79th regular na pulong na ginanap ngayong ika-04 ng Abril, 1994.

PINATOTOHANAN:

KGG. DANTE S. ALMARIO
Pansamantalang Pang. Punongbayan
at Pangulong Opisyal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Panguló
Pederasyon ng Sang. Kabataan

KGG. ROGER JOHN SMITH
Konsehal

KGG. RESTITUTO SANTOS
Konsehal

KGG. BALDOMERO NIEFES
Konsehal

KGG. ROMY TAN
Konsehal

KGG. SIMEON BUMANGLAG
Konsehal

KGG. PRAXEDES BIGATA
Konsehal

KGG. FE ISABEL D. SERVIDA
Konsehal

KGG. FRANCISCO UMALI
Konsehal

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

KGG. ARTURO S. BUNYI
Pansamantalang Punongbayan